# Unang Orasyonal*

*Rio Alma*

## I. Papuri

Panginoon, ano ba sa iyo'ng insenso?
Bakit kailangang marmol o ginintuan
Ang ihandog sa iyong bahay o dambana?
Tinatamad ka ba kapag walang deboto?
Nababawasan ka ba ng kapangyarihan
Pag luad ang pedestal at walang bandila?

Naghahayin kami ng bulaklak at prutas
Nang ang kalinga mo sa ami'y magpatuloy;
Ngunit alay nama'y amin láng pinipitas
Mula sa kalikásan mo. Batid mo, Poon,
Hindi naman kumukúpas ang diyamante
Kahit ibaon sa paglimot at basura;
At wala ring naidadagdag ang papuri
Sa totoo, sa mabuti, at sa maganda.

*6 Hunyo 2010*

*Mula sa *Orasyonal*, isang bagong koleksiyong nagsimula sa pagmuni sa mga meditasyon ni Marcus Aurelius hinggil sa búhay at daigdig ng tao. Mula ang pamagat sa Espanyol na *oracional* ngunit may layuning maglaro sa pagitan ng "orasyon" at "rasyonal" upang ulitin (usalin) at ipagunita ang napakalaking guwang sa pagitan ng mga lunggati't mithi at ng mga kasalukuyang katunayan. Ituturing na isang malaking tagumpay ang tula kapag hindi natinag ang umiiral.

## II. Mortal

Panginoon, natitiyak ko na likha mo
Ang kamatayan; at iyong ginagabayan
Ang oras at paraan kung ito'y dumatíng.
Natitiyak kong naisip mo lámang ito
Matapos likhain ang buong santinakpan
At makuro ang bagot sa búhay-bituin.

Ang tákot namin ang lumikha ng sagisag
Sa kamatayan—may anyo't damit na luksa
At karit na walang awa't walang patawad—
Na lalong tumákot sa 'ming mortal na diwa.
Para kaming dagâ sa búhay mong may pain;
At bunga ng aming tákot na unibersal,
Panginoon, bakâ nilikha ka rin namin
Kalakip ng pangarap na kawalang-hanggan.

*7 Hunyo 2010*

## III. Pakikilahok

Ang takót sa masamâ ay ayaw mabúhay.
Hindi naman lumpo'y nais lámang manood
Sa bintana at ang sarili'y ibilanggo;
Hindi naman pipi'y nilulunok ang laway;
Hindi naman mangmang ay ipinapadiyos
At kandila ang mithi at tibok ng puso.

Ang tákot sa masamâ'y anak ng malubhang
Paniwala sa taal na dilim ng budhi
At ng kawalan ng tiwala sa adhikang
Bakáhin ang hari man ng malî't tiwali.
Ang dilim, gilalas, parikala't pagsubok
Ay sili sa dugo't pampalusog sa muni.
Ang lamukot ng búhay ay pakikilahok;
Nagwagi na siyá pagkilos makitunggali.

*10 Hunyo 2010*

## IV. Kirot

May kirot na higit sa nalagas na ngipin;
Higit na mahapdi sa hanay ng kulubot,
Higit na malalim sa sugat ng pag-ibig.
Di makirot ang puntod sa bawat lakbayin;
Walang kuwenta ang bawat puti ng buhok
At ang dagtang luha sa kopita ng tamis;

Pagkat may kapalit ang luoy ng bulaklak;
Isinisílang ang fenix mula sa abo.
Bawat wakas ay simula. Ngunit, kay saklap!
Kung ito'y di matupad sa búhay ng tao.
Kung matapos sairin ang layaw ng mundo,
Nágisíng siyáng tila sambuntong dayami:
Nabulok ay walang tumubò kahit damo,
Susunugin, mawawala sa guniguni.

*10 Hunyo 2010*

## V. Posteridad

Panginoon, panahon pa palá ni Marcus
Ay naganap na ang ginagampanan ngayon
Sa buong daigdig: edukasyon ng paslit,
Kasalan, piging, libing, hanapbuhay, libog;
Mayabang, sakim, taksil, matulungin, gutóm;
Aksidente, away, paligsahan, digma, sakít.

May panahon din silá sa tabsing at mósim,
Negosyo't politika, dayà, bola, laro,
Pagpaplano sa ambisyon at paniningil.
Marahil, may iba lang kaming subli't likô.
O marami kaming nalilimot tandaan
Dahil mas masarap tandaan lang ang sarap.
Panginoon, ilan kayâ'ng tulad kong hangal
Na pílit nabúhay para sa Hinaharap?

*8 Hunyo 2010*

## VI. Lumipas

Tila malabong larawang nakapanungaw
Sa bingit at singit ng aking panaginip,
Ninais kitáng malimot dahil nalugod
Sa banyagang palayaw: Penelope, Susan…
At lumitaw ka namang panaghoy o gálit
Sa kasaysayan ng aking pagtúlog-túlog.

Nais kitáng linawin. Ngunit lubhang umilap
Ang anino mong ngayo'y nagkasapin-saping
Bugtong, awit, at putól-putól na alamat
Na dapat kong muling-likhain, at tawaging:
Salome, Gregoria, Gabriela, Alunsina…
Ang bawat piraso mo'y kaginhawahan ko.
Hábang nabubuo ka'y lalong gumaganda;
At tumatanda akong may sungay sa noo.

*21 Hulyo 2010*

## VII. Kabutihan

Panginoon, hubugin mo akong mabuti
Upang hindi maging ganap na masunurin
Sa lunggati ng mortal na lamán at puso;
Upang makapaglingkod sa nakararami,
Tulad ng malinis at kailangang hangin,
Nang walang kapalit na medalya o ginto.

Payapain mo ang aking mainiping loob
Sa mahahabàng tunggalian o sa lumbay,
At lalo pang patatagin ang pulso't tuhod
Sa gitna ng bulaklak, papuri't tagumpay.
Handa man akong nag-iisa sa pighati,
Lubhang mahirap manahimik sa palakpak;
Nakababaliw kahit kiming ngiti't pagbatì,
Lalo't tubuan ng sungay, buntot, at pakpak.

*9 Hunyo 2010*

## VIII. Kagandahang-loob

Panginoon, kipilin mo akong maganda
Kaysa sarili kong matá't nakamihasnan;
Yaong gandang busilak at di kumukupas
Sa titig ng araw, asim, pait, at pakla;
Hindi kinakain ng uod at kalawang;
Hindi maisasalin sa wika ng aklat.

Bigyan ako ng gandang katutubo, payak,
At higit pa: Yaong marangal at magiting
Laban sa taginting ng tamburin at pilak
At lalo na laban sa magdaraya't sakim.
Yaong may sulyap na pumapawi ng lungkot,
May salitâng tahas, pantay, at makatao,
May taingang matiyaga sa bawat pagdulog,
May ilong sa bago at sa takbo ng mundo.

*10 Hunyo 2010*

## IX. Tadhana

*Where there is no vision, the people perish.*

Walang tarheta ang ilog. Walang tahanan.
Walang libingan ang ilog kundi ang ilog.
Ngunit walang ilog na hindi nagsimula.
Ang Simula! Ang dapat nililingong bukal;
Ang pugad ng bugtong kung sa manok o itlog.
Walang hantungan ang ilog na mula wala.

Ang ilog ay bulág kung walang nililingon
Kayâ sunod-sunuran sa panahon at unos.
Ililigaw ito ng maharot na simoy
Sa lungsod ng burak, sa banyagang bantayog.
Saan nga ba patungo ang ilog na bulág?
Sa pusali't tambakan ng libog at putik.
Mananahan ito kung saan mapapadpad;
Mamamatay ito kung saan mapapikít.

(*Paalala sa Bagong Pangulo ng Bansa*)

*1 Hulyo 2010*

## X. Makabayan

Iniibig ko ang palay, niyog, kawayan
Di dahil lámang sa suman, gatâ, sawali;
Ni di dahil sa tapuy, palaspas, lawiswis.
Iniibig ko kahit ang bato't damuhan,
Tulad ng ingat ko sa sariling daliri
At pagtingin sa anak, magulang, kapatid.

Sinusukat ko ang tubigan at lupain
Araw-araw, nang di makamkam ng banyaga;
Tinitingala ang kanyang araw at bitwin
Upang idambana sa utak at haraya.
Nilalakbay ko ang mga lungsod ng sikhay
Upang pagpugayan ang pawis at talino;
Sakâ nupò sa pasig, upang mapakinggan
Ang sigaw ng alon sa wikang Filipino.

*4 Hulyo 2010*